Project SURVIVE

Isang Proyekto ng Legal Aid Society–Employment Law Center Inihahandog

Survivor's Toolkit

for Employment Rights in California

(Kasangkapan ng Isang Nakaligtas Para sa Karapatan ng Manggagawa sa California)

Isang gabay para sa humihiling ng pansamantalang pag-liban sa trabaho, akomodasyon para sa kaligtasan sa lugar ng trabaho, at iba pang proteksyon sa trabaho sa California para sa isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual, traumang seksual sa militar, o paniniktik.

Legal Aid Society–
Employment Law Center

www.las-elc.org

Ang paglikha at pamamahagi ng kasangkapang ito ay naging posible dahil sa Flom Memorial Incubator Grant na iginawad sa pamamagitan ng Skadden Foundation.

Talaan ng Nilalaman

- **Malawakang Pananaw ng Kasangkapan para sa maga Karapatan ng Isang Nakaligtas na Manggagawa 3**
- Maramdamang Ligtas sa Trabaho 4
- Pagliban sa Trabaho sa mga Dahilang Kaugnay sa Karahasan..... 5-8
- Mga Pag-pipilian para sa Kapalit na Sahod Habang naka Liban na Walang Sahod..... 8-9
- Pagtangal sa Trabaho at mga Karapatan.....9
- Manggagawa na Walang Dokumento.....10
- Karagdagang Tulong na Legal.....10
- **Halimbawang mga Sulat at Pormularyo para sa Pag-Liban at Hiling na Akomodasyon 11-27**

Malawakang Pananaw ng Kasangkapan para sa maga Karapatan ng Isang Nakaligtas na Manggagawa

Ang karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual (kasama ang traumang seksual sa militar), o paniniktik ay maaring maka gambala sa pag tatrabaho ng isang nakaligtas. Subalit ang mga nakaligtas sa California, ay protektado ng batas na nagbibigay ng protektadong-trabaho sa pagliban, akomodasyon, kapalit na sahod, at pagbabawal laban sa diskriminasyon sa lugar ng trabaho.

Kapag humihiling ng pagliban o akomodasyon, laging mabuting ideya na ilagay ang iyong hiling sa kasulatan. Sa kabuuan ng kasangkapang ito, kami ay nag bibigay ng mga sangguniang halimbawa ng sulat at pormularyo na maari mong gamitin upang humiling ng ibat-ibang pagliban o akomodasyon na naka saad sa ibaba. Kung ikaw, iyong tagapagpayo, o tagapangalaga ng iyong kalusugan ay may tanong tungkol sa mga halimbawang mga sulat, maari kang makipag-ugnayan sa Project SURVIVE ng Legal Aid Society-Employment Law Center sa **(888) 864-8335** libreng tawag sa loob ng California, o **(415) 593-0033** sa labas ng California.

Paunawa

Itong kasangkapang ito ay naglalayon na magbigay ng tama, at pangkalahatang impormasyon ayon sa mga legal na karapatan kaugnay sa pagtatrabaho sa California. Ngunit sa kadahilanan na ang mga batas at mga prosesong legal ay madalas magbago, at sa pagkakaiba ng pagpapakahulugan, ang Legal Aid Society-Employment Law Center ay hindi maaring magbigay ng kasiguruhan na ang impormasyon na nasa kasangkapang ito ay pangkasalukuyan, o di kaya ay magkaroon ng panagutan sa anumang paggamit nito. Huwag umasa sa mga impormasyon kung walang patnubay ng tagapagtangol o isang karampatang ahensya ayon sa iyong mga karapatan para sa iyong particular na sitwasyon.

Maramdamang Ligtas sa Trabaho.

Ang batas ng California ay nagpapahinutlot sa isang nakaligtas sa karahasang pangtahanan, pang-aabusong seksual (kasama ang traumang seksual sa militar) o paniniktik, sa makatuwirang akomodasyon kaugnay sa kaligtasan sa lugar ng trabaho. Kung ikaw ay humiling ng makatuwirang akomodasyong pangkaligtasan sa trabaho kaugnay sa karahasang pangtahanan, pang-aabusong seksual o paniniktik, ang batas ay nag uutos sa tagapag-empleyo mo na makipag usap sa iyo tunkol sa mga pangangailangan mo, ng sa ganoon ay sabay ninyong malaman kung anong akomodasyon ang makatutugon sa iyong pag-aalala sa kaligtasan at maaari din namang gawain ng iyong tagapag-empleyo. Hindi kinakailangan na magbigay ang iyong tagapag-empleyo ng akomodasyon na sobrang mahal o makagugulo sa negosyo, subalit kung ang iyong hiling na akomodasyon ay hindi nila mapagbibigyan sa ganoong dahilan kinanakilangan nila na isaalang-alang at makipagusap sa iyo para sa mga alternatibong pagpipilian.

Makatuwirang Akomodasyong Pangkaligtasan ay maaring sumaklaw ng mga sumusunod:

- palitan ang karugtong na numero ng iyong telepono o alisin ang impormasyong pakikipag ugnay sa iyo sa website ng kompanya upang mahadlangan ang mang-aabuso o maniniktik na makipag ugnayan sa iyo habang nasa trabaho;
- palitan ang iyong puwesto ng trabaho, baguhin ang iyong iskedyul, ilagay ka sa pangumaga o panggabi, o pahintulutan kang lumipat sa ibang lokasyon;
- maglagay ng kandado, kamerang pang subaybay at iba pang kasangkapan na pang seguridad sa lugar ng trabaho.

Ang nasa itaas ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga posibleng akomodasyon. Kung ikaw ay hindi sigurado kung anong uri ng akomodasyon ang makakatulong sa iyo upang maging ligtas sa trabaho, ang mga organisasyon na nagtataguyod sa biktima ay nakahandang makipag usap sa iyo tungkol sa kung papaano madaragdagan ang iyong kaligtasan sa loob at sa labas ng lugar ng trabaho. Kung hindi ka pa nakakasangguni sa isang tagapagtaguyod ng biktima, tagapagpayo, o organisasyon, maaari kang humanap sa iyong lugar sa pamamagitan ng pakikipag ugnayan sa National Domestic Violence Hotline sa **(800) 799-SAFE (7233)** o sa National Sexual Assault Hotline sa **(800) 656-HOPE (4673)**.

Makakatulong na mga Sulat at Pormularyo:

- **Halimbawang Hiling A:** Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay sa Kaligtasan sa Trabaho – Hiling ng Manggagawa *(pahina 13)*
- **Halimbawang Sertipikasyon A:** Sertipikasyon mula sa Tagapangalaga ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay sa Kaligtasan sa Trabaho *(pahina 14)*

Pagliban sa Trabaho sa mga Dahilan Kaugnay sa Karahasan.

Ang batas ng pederal at estado ay nag papahintulot sa iyo na magkaroon ng protektadong-trabaho sa pag liban sa maraming kadahilanan kaugnay sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik. Sa ibaba, mahahanap mo ang ibat-ibang uri ng pag liban na maari mong hilingin, at mga sangguniang halimbawa ng mga sulat sa kasangkapang ito na makatutulong sa iyong pag hiling ng pagliban.

Pagliban para Dumalo sa Hukuman	Ang batas ng California ay nagpapahintulot sa isang nakaligtas ng protektadong-trabaho sa pagliban sa trabaho para humingi ng tulong sa hukuman upang masigurado ang iyong kalusugan, kaligtasan o kagalingan, o nang iyong anak. Kasama sa tulong na ito ang kautusang pansamantalang pagpigil , kautusang pagpigil, o iba pang ipinag uutos na lunas (kagaya ng suporta sa bata, kustodiya sa bata, o pagdinig sa hukuman sa deborsyo). Ang proteksyong ito ay para sa mga nakaligtas na nagtatrabaho sa anumang kompanya o organisasyon sa California, kahit ilan ang bilang ng manggagawa. Ang iyong tagapag-empleyo ay may karapatang humingi ng sertipikasyon ng pangangailangan mo ng pagliban sa ganitong dahilan. (tignan ang **Halimbawang Hiling B** *(pahina 15)*).
Makatutulong na Halimbawang Sulat/Pormularyo (Forms): • **Halimbawang Hiling B:** Pag liban upang Dumalo sa Hukuman – Hiling ng Manggagawa *(pahina 15*) • **Halimbawang Sertipikasyon B:** Sertipikasyon mula sa Tagapangalaga ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Pagliban upang Dumalo sa Hukuman *(pahina 16)*	
Pagliban upang Tumangap ng Atensyong Medikal, Pagpapayo, Pagpaplano ng Kaligtasan o iba pang mga Serbisyo na Kaugnay sa Karahasan	• Ang isang nakaligtas na nagtatrabaho sa tagapag-empleyo na may **25 o higit na empleyado** ay may karapatan sa protektadong-trabaho sa pagliban: • upang humanap ng atensyong medikal para sa mga pinsala sanhi ng karahasan; • upang makakuha ng mga serbisyo mula sa kanlungan ng mga nakaranas ng karahasang pantahanan, programa, o krisis center ng ginahasa; • upang makakuha ng sikilohikal na pagpapayo • upang makilahok sa pagpaplanong pangkaligtasan o gumawa ng iba pang aksyon upang mapahusay ang kaligtasan mula sa mga darating na karahasan, kasama ang pansamantala o permanenteng paglipat. Bilang tugon sa mga ganitong Hiling ng pagliban, ang iyong tagapag-empleyo ay may karapatan na humingi ng sertipikasyon ng iyong katayuan bilang nakaligtas sa karahasan (tignan and **Halimbawang Sertipikasyon C** *(pahina 18)*

Makatutulong na Halimbawa ng mga Sulat:

- **Halimbawang Hiling C:** Pagliban Upang Makakuha ng Atensyong Medikal, Pagpapayo, Pagpaplano ng Kaligtasan, o Iba Pang Serbisyo – Hiling ng Manggagawa *(pahina 17)*
- **Halimbawang Sertipikasyon C:** Sertipikasyon mula sa Tagapangalaga ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Pagliban upang makakuha ng iba pang Serbisyo *(pahina 18)*

Pagliban upang Tugunan ang sa iyong / Miyembro ng Pamilya na Malubhang Kalagayan ng Kalusugan	Kung ikaw ay karapat-dapat na lumiban sa ilalim ng Family Medical Leave Act o California Rights Act, ikaw ay may karapatan sa hangang 12 linggo bawat taon sa protektadong-trabaho sa pagliban na walang sahod upang tugunan ang iyong malubhang kalagayan ng kalusugan, o ang malubhang kalagayan ng kalusugan ng iyong magulang, anak, asawa, o rehistradong katuwang sa tahanan. **Ang malubhang kalagayan ng kalusugan** ay isang sakit, pinsala, kapansanan, kalagayang pisikal, o kalagayan ng pagiisip na nagiging dahilan ng panahon ng pagka wala ng kapasidad (ibigsabihin ay hindi makapag trabaho, makapasok sa paaralan, o gawin ang pang araw araw na gawain) **at** nangangailangan ng alinman sa pagtigil ng isang gabi sa ospital, hospisyo, o pasilidad na tahanan ng pangangalagang medikal o patuloy na paggamot sa pamamagitan ng tagapangalaga sa kalusugan. Itong pagliban ay maaari ding gamitin para mapalapit sa bagong anak. Upang maging karapat-dapat sa pagliban, ikaw ay kinakailangan na (1) nagtatrabaho sa isang tagapag-empleyo na may **50 o higit pang empleyado sa loob ng 75-milya ng nasasakupan** ng lugar ng trabaho; (2) naka pagtrabaho na **hindi bababa sa loob ng isang taon**; (3) nakapag trabaho ng **hindi bababa sa 1250 oras** sa taon na agad sinusunndan ng iyong pangangailangan ng pagliban. Kung ikaw ay hindi naging karapat-dapat, tignan: "Pagliban Dahilan sa Iyong Sariling Kapansanan" sa ibababa. Kung ikaw ay karapat-dapat sa protektadong-trabaho sa pagliban para sa iyong sarili o miyembro ng pamilya dahilan sa malubhang kalagayan ng kalusugan, ang paghiling ng pagliban ay **hindi nangangailangan na ibunyag ang nangyaring karahasan**, subalit maaring mangailangan ng sertipikasyon mula sa isang tagapangalaga ng kalusugan na nagpapatunay na ikaw o ang miyembro ng iyong pamilya ay may malubhang kalagayan ng kalusugan. (Gayunpaman, dahil sa mga mahigpit na batas sa pagka-pribado sa California, hindi mo kinakailangan na ipahayag kung ano ang iyong tiyak na resulta ng pagsusuri.) Ang iyong tagapag-empleyo ay kinakailangang magbigay sa iyo ng pormularyo ng sertipikasyon sakaling hingin ang sertipikasyon. Maaari mo ding gamitin ang pormularyo ng sertipikasyon na kalakip dito sa

<table>
<tr><td></td><td>kasangkapang ito. (Halimbawang Sertipikasyon D (pahina 20-23)).</td></tr>
<tr><td colspan="2"><u>Makatutulong na Halimbawa ng mga Sulat at Pormularyo:</u>
• Halimbawang Hiling D: Pagliban Upang Tugunan and Pangsarili o ng Miyembro ng Pamilya na Malubhang Kalagayan ng Kalusugan – Hiling ng Empleyado (pahina 19)
• Halimbawang Sertipikasyon D: Komisyon sa Patas na Paggawa at Pabahay Sertipikasyon ng Tagapangalaga ng Kalusugan (pahina 20-23)).</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Pagliban o iba pang Makatuwirang Akomodasyon para sa Pagiisip o Pisikal na Kapansanan</td><td>Mga manggagawa na hindi naging karapat-dapat para sa pagliban sa ilalim ng Family Medical Leave Act o California Family Rights Act ay maaring maging karapat-dapat sa pagliban sa ilalim ng mga batas ng estado at pederal para sa may kapansanan.

Kung ikaw ay merong kapansanan na dulot ng karahasan (tulad ng post – traumatic stress disorder o pisikal o pangkaisipang kapansanan), ikaw ay maaring may karapatan na lumiban bilang makatuwirang akomodasyon sa ilalim ng batas ng estado at pederal para sa may kapansanan basta ikaw ay nag tatrabaho sa tagapag-empleyo na <u>may hindi bababa sa 5 manggagawa.</u> Ang uri ng hiling na ito ay hindi nangangailangan na sabihin sa tagapag-empleyo mo ang tungkol sa karahasan, ngunit ang iyong tagapag-empleyo ay maaring humiling ng medikal na dokumentasyon na nagsasaad na ikaw ay may kapansanan at nangangailangan ng kaugnay na akomodasyon.

(Tandaan na ang makatuwirang akomodasyon maliban sa pagliban ay maari ding hilingin, kung kinakailangan upang ma tugunan ang kapansanan ng manggagawa. Kung ikaw ay may kapansanan at hindi sigurado kung anong akomodasyon ang makakatulong sa iyo sa lugar ng trabaho, maaari kang makipag ugnayan sa Job Accomodation Network (JAN) ng Department of Labor (Kagarawan ng Manggagawa) sa (888) 562-7234 o bisitahin ang kanilang website sa http://www.askjan.org. Ang JAN ay maaring magbigay ng mga ideya ng akomodasyon na ankop sa iyong tiyak na kapansanan at lugar ng trabaho.)</td></tr>
<tr><td><u>Makatutulong na Halimbawang mga Sulat at mga Pormularyo:</u>
• Halimbawang Hiling E: Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Paliban) – Hiling ng Empleyado (pahina 24)
• Halimbawang Sertipikasyon E: Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Pagliban) – Hiling ng Tagapangalaga ng Kalusugan (pahina 25)</td></tr>
</table>

	• **Halimbawang Hiling F:** Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Maliban sa Pagliban) – Hiling ng Empleyado *(pahina 26)* • **Halimbawang Sertipikasyon F:** Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Maliban sa Pagliban) – Hiling ng Tagapangalaga ng Kalusugan (pahina 27)

Mga Pagpipilian para sa Kapalit na Sahod Habang naka Liban ng Walang Sahod

Ang California ay nagpapanatili ng ilang mga programa na nagbibigay ng kapalit na sahod kung kailangan mong lumiban sa trabaho upang alagaan ang sarili o miyembro ng pamilya, o kung ikaw ay natangal o kinakailangang umalis sa trabaho upang mapanatili ang kaligtasan mo at nang iyong pamilya.

State Disability Insurance	Ang State Disability Insurance (SDI) ay nag bibigay ng karapatan sa mga manggagawa ng hangang limamput dalawang lingo ng bahagyang bayad (55% ng linguhang sahod) habang naka liban dahil sa hindi makayanang gawin ang regular at pangkaraniwang trabaho sanhi ng pisikal at pangkaisipang pinsala, sakit, o iba pang kalagayan ng kalusugan, kasama na ang kalagayan ng kalusugan sanhi o pinalala ng karahasan sa tahanan, pang aabusong seksual, o paniniktik. Ang mga benepisyo ng SDI ay pinamamahalaan ng Employment Development Department (EDD). Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-apply, tumawag sa **(800) 480-3287** o bisitahin ang http://www.edd.ca.gov/Disability/.
Paid Family Leave Insurance	Ang Paid Family Leave (PFL) ay nagbibigay ng karapatan sa mga manggagawa na lumahok sa programa ng State Disability Insurance (SDI) ng hangang anim na lingo ng bahagyang sahod (55% ng lingguhang sahod) bawat taon habang naka liban upang alagaan ang anak, magulang, magulang ng asawa, asawa, rehistradong katuwang sa tahanan, kapatid, lolo at lola, o mga apo na may malubhang kalagayan ng kalusugan sanhi o pinalala ng karahasan sa tahanan, pang aabusong seksual, o paniniktik. Maari ding gamitin ang PFL sa pagliban upang makapiling ang bagong silang na bata o inampon o kinakalinga na bata sa tahanan. Ang mga benepisyo ng PFL ay pinamamahalaan ng Emplyment Development Department (EDD). Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-apply, tumawag sa **(800) 238-4373** o bisitahin ang http://www.edd.ca.gov/Disability/More_PFL_information.htm.

Unemployment Insurance	Ang Unemployment Insurance ay nagbibigay ng mga benepisyo na bahagyang kapalit ng sahod sa mga manggagawa na pansamantalang nawalan ng trabaho o bahagya ang oras sa trabaho na masyadong mababa ang sahod. Bagamat karaniwan na ang manggagawa na kusang umalis sa kanilang trabaho ay walang karapatan sa unemployment insurance, ikaw ay maaring magkaroon ng karapatan kung ikaw ay mayroong makatuwirang dahilan upang umalis sa iyong trabaho (isang "mabuting dahilan para umalis"). Sa California, ang isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan na umalis sa trabaho upang ma protektahan ang sarili o ang miyembro ng kanyang pamilya sa karahasan sa tahanan ay may "mabuting dahilan" upang lisanin ang trabaho. Upang maipakita na merong "mabuting dahilan para umalis" ikaw ay pangkaraniwang kinakailang na magpakita na binigyan mo ng pagkakataon ang iyong tagapag-empleyo na ayusin ang problema – halimbawa ay ang paghiling ng pagliban o makatuwirang akomodasyon kaugnay sa kaligtasan. Kung hindi pinagbigyan ng tagapag-empleyo ang iyong hiling, o di kaya ay walang pagbabago kaugnay sa trabaho na maaring maka tugon sa iyong pag-aalala sa kaligtasan, maipapakita mo na meron kang "mabuting dahilan para umalis". Ang Unemployment Insurance ay pinamamahalaan ng Employment Development Department (EDD). Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-apply, tumawag sa (866) 333-4606 o bisitahin ang http://www.edd.ca.gov/Unemployment/.

Pagtangal sa Trabaho at mga Karapatan

Kung alam ng iyong tagapag-empleyo na ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual o paniniktik, hindi ka nila maaaring parusahan o tangalin sa gonoong dahilan. Bukod pa doon, kung sinabi mo sa iyong tagapag-empleyo na ikaw ay biktima ng karahasan at ikaw ay humiling ng makatuwirang akomodasyon kaugnay sa kaligtasan, katulad ng baguhin ang karugtong na numero ng iyong telepono, hindi ka maaring parusan o tangalin ng iyong tagapag-empleyo sa alin mang dahilan na ikaw ay humiling ng akomodasyon o dahil ibinunyag mo ang iyong kalagayan bilang isang biktima.

Kung ikaw ay tinangal dahil ikaw ay isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik, o dahil ikaw ay humiling ng makatuwirang akomodasyon kaugnay sa kaligtasan dahil doon sa karahasan, ikaw ay maaring mag hain ng reklamo sa Komisyonado ng Paggawa (the Division of Labor Standards Enforcement) na maaring mag bigay ng kautusan sa

iyong tagapag-empleyo na ikaw ay ibalik sa trabaho at ibalik ang nawala mong sahod at benepisyo sa trabaho. Ang mga opisina ng Komisyonado ng Paggawa ay naka kalat sa buong California. Ang pinakamalapit sa iyo na opisina ng Komisyonado ng Paggawa ay mahahanap sa http://www.dir.ca.gov/dlse/DistrictOffices.htm. Ang manggagawa ay may **isang taon** mula sa araw ng pagtangi sa akomodasyon, pagtangal, o iba pang anyo ng diskriminasyon upang mag hain ng reklamo sa Komisyonado ng Paggawa.

Manggagawa na Walang Dokumento

Kung wala kang dokumento, **mayroon ka pa ring karapatan** upang maging malaya mula sa diskriminasyon at samantalahin ang pagkuha ng pagliban, akomodasyon, at iba pang proteksyong magagamit ng isang nakaligtas sa lugar ng trabaho.

Bagaman ang manggagawa na walang doumento ay walang karapatan sa unemployment insurance, ikaw ay mayroong karapatan sa estado disability insurance at paid family leave hangat ikaw ay nakakapagbayad sa pondo ng California State Disability Insurance.

Karagdagang Tulong na Legal

Makipag-ugnayan sa **Project SURVIVE** ng Legal Aid Society–Employment Law Center sa libreng tawag sa (888) 864-8335 sa loob ng California o sa (415) 593-0033 sa labas ng California.

Halimbawang mga Sulat at Pormularyo (Forms) para sa Hiling ng Pagliban at Akomodasyon

Maramdamang Ligtas sa Trabaho	❖ **Halimbawang Hiling A:** Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay sa Kaligtasan sa Trabaho – Hiling ng Manggagawa .....13 ❖ **Halimbawang Sertipikasyon A:** Sertipikasyon mula sa Tagapagtaguyod ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay sa Kaligtasan sa Trabaho 14
Pagliban para Dumalo sa Hukuman	❖ **Halimbawang Hiling B:** Pag liban upang Dumalo sa Hukuman – Hiling ng Manggagawa .....15 ❖ **Halimbawang Sertipikasyon B:** Sertipikasyon mula sa Tagapangalaga ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Pagliban upang Dumalo sa Hukuman 16
Pagliban upang Tumangap ng Atensyong Medikal Pagpapayo, Pagpaplano ng Kaligtasan o iba pang mga Serbisyo Kaugnay sa Karahasan	❖ **Halimbawang Hiling C:** Pagliban upang makakuha ng Atensyong Medikal, Pagpapayo, Pagpaplano ng Kaligtasan, o iba pang Serbisyo – Hiling ng Tagapag-empleyo .....17 ❖ **Halimbawang Sertipikasyon C:** Sertipikasyon mula sa Tagapangalaga ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Pagliban upang Makakuha ng iba pang Serbisyo.....18
Pagliban upang Tugunan ang sa iyo o Miyembro ng Pamilya na may Malubhang Kalagayan ng Kalusugan	❖ **Halimbawang Hiling D:** Pagliban upang Tugunan ang Pangsarili o ng Miyembro ng Pamilya na Malubhang Kalagayan ng Kalusugan – Hiling ng Empleyado .....19 ❖ **Halimbawang Sertipikasyon D:** Komisyon sa Patas na Paggawa at Pabahay Sertipikasyon ng Tagapangalaga ng Kalusugan 20-23

Pagliban o iba pang Makatuwirang Akomodasyon para sa Pagiisip o Pisikal na Kapansanan	❖ **Halimbawang Hiling E:** Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Paliban) – Hiling ng Empleyado .....24 ❖ **Halimbawang Sertipikasyon E:** Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Pagliban) – Hiling ng Tagapangalaga ng Kalusugan .....25 ❖ **Halimbawang Hiling F:** Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Maliban sa Pagliban) – Hiling ng Empleyado .....26 ❖ **Halimbawang Sertipikasyon F:** Makatuwirang Akomodasyon para sa Kapansanan (Maliban sa Pagliban) – Hiling ng Tagapangalaga ng Kalusugan 27

HALIMBAWANG HILING A:
Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay sa Kaligtasan sa Trabaho para sa mga Nakaligtas sa Karahasan sa Tahanan, Pang-aabusong Seksual, o Paniniktik – Hiling ng Manggagawa

Kailan Gagamitin itong Sulat: Ang sumusunod na sulat ay maaring gamitin upang humiling ng makatuwirang akomodasyon sa trabaho, katulad ng, pagbabago ng iskedyul, baguhin ang numero ng telepono, at iba pang pamantayan ng kaligtasan na makatutulong sa iyo upang mapanatili ang kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Kung sumagot ang tagapag-empleyo mo sa sulat na ito sa pamamagitan ng paghiling ng patunay ng iyong kalagayan bilang isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual , o paniniktik, kailangan mong hilingin sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (kasama na ang iyong tagapangalaga ng pagiisip), tagapagpayo, o tagapagtaguyod ng biktima na punuin ang Halimbawang Sertipikasyon A sa sumusunod na pahina ng kasangkapang ito. ("Sertipikasyon mula sa Tagapagtaguyod ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay para sa Nakaligtas sa Karahasan sa Tahanan, Pang-aabusong Seksual o Paniniktik").

[Araw]

Ginoo/Ginang **[Pangalan ng Kinatawan ng Human Resources, Tagapangasiwa o Tagapamahala]**

Bilang isang biktima ng **[karahasan sa tahanan / pang-aabusong seksual AT/O paniniktik]**, ako ay humihiling ng makatuwirang akomodasyon kaugnay sa kaligtasan sa ilalim ng California Labor Code 230(f). Kung hindi ikaw ang nararapat na tao na tumangap ng hiling na ito, nakikiusap ako na ipag bigay alam agad sa akin, at ibigay ang sulat na ito sa taong humahawak ng mga Hiling para sa makatuwirang akomodasyon.

Sa kasalukuyan nararamdaman ko na hindi ako ligtas sa trabaho, at nagnanais na makaharap ko kayo upang mapag usapan ang posibilidad na magkaroon ng makatuwirang akomodasyon kaugnay sa kaligtasan. ***[Kung alam, maaring ilahad ang kinakailangang akomodasyon. Kung hindi, maaring talakayin ang mga pagpipilian sa tagapag-empleyo.]***

Ang California Labor Code Section 230(f) ay nag uutos sa tagapag-empleyo na "magbigay ng makatuwirang akomodasyon para sa biktima ng karahasang pantahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik na humihiling ng akomodasyon para sa kaligtasan habang nasa trabaho." Ang ganitong akomodasyon ay maaring sumaklaw sa pagpapatupad ng pamantayan ng kaligtasan, kasama na ang paglipat, pagbago ng pagtatalaga, pagbago ng iskedyul, pagbago ng telepono, pagbago ng puwesto ng trabaho, paglagay ng kandado, pagtulong upang ilagay sa dokumento and karahasang pangtahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik na nagaganap sa lugar ng trabaho, ang ipinatutupad na pamamaraan ng kaligtasan, o iba pang pagsasaayos ng istraktura ng trabaho, pasilidad sa lugar ng trabaho, o mga pangangailangan sa trabaho bilang tugon sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik, o pagsasangguni sa mga samahan na tumutulong sa biktima.

Mangyaring ipaalam sa akin kung kailangan ninyo ng sertipikasyon ng aking katayuan bilang nakaligtas sa karahasan, Ako ay nakahanda at pumapayag na sumali sa isang mapag-ugnay na proseso sa inyo upang ma pag-usapan ang aking hiling na akomodasyon.

Salamat,

[Lagda]

HALIMBAWANG SERTIPIKASYON A:

Sertipikasyon mula sa Tagapagtaguyod ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Makatuwirang Akomodasyon Kaugnay sa Kaligtasan sa Trabaho Para sa Nakaligtas sa Karahasan sa Tahanan, Pang-aabusong Seksual o Paniniktik

Kailan Gagamitin itong Sulat: Kung ikaw ay humiling ng akomodasyong kaugnay ng kaligtasan, ang iyong tagapag-empleyo ay maaring humingi ng patunay na ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual o paniniktik. Bilang tugon, maari mong ibahagi ang halimbawang sulat na ito sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (kasama na ang tagapangalaga ng pagiisip), tagapagpayo o tagapagtaguyod ng biktima, at sabihin mo sa kanila na magbigay sa iyo ng kahalintulad na sulat na nag papatotoo na ikaw ay sumasailalim sa paggagamot o pagpapayo kaugnay sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual o paniniktik.

[Letterhead ng Tagpangalaga ng Kalusugan o Samahan na Nagtataguyod ng Biktima]

[Araw]

Sa Kinauukulan:

Ako ay **[lisensyadong medikal/propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan, tagapayo para sa mga nakaranas ng karahasan sa tahanan, o tagapayo sa mga nakaranas ng pang-aabusong seksual]** mula sa **[Samahan]** para kay **[Pangalan ng manggagawa].**

[Pangalan] ay nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon kaugnay ng kaligtasan. **[Tandaan: Kung alam ang klase ng akomodasyon na kinakailangan, maaring ilahad ang ditalye – naaangkop na akomodasyon ay maaring sumaklaw sa pagpapatupad ng pamantayan ng kaligtasan, kasama ang paglipat, pagbago ng assignment, pagbago ng iskedyul, pagbago ng telepono sa trabaho, pagbago ng pwesto ng trabaho, paglagay ng kandado, tulong sa pag dokumento ng karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik na nagaganap sa lugar ng trabaho, ang ipinatupad na pamamaraan ng kaligtasan, o pagsasaayos sa isang istraktura ng trabaho, pasilidad sa lugar ng trabaho, o pangangailangan sa trabaho na tugon sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual, o paniniktik)] kaugnay sa [karahasan sa tahanan / pang-aabusong seksual AT/O paniniktik)]**

Sa pamamagitan ng sulat na ito, pinapatunayan ko na si **[Pangalan]** ay tumatangap ng **[pangangalaga / payo]** para sa biktimisasyon na resulta ng **[karahasan sa tahanan / pang-aabusong seksual AT/O paniniktik]** dahilan dito ang hinihiling na akomodasyon ay kinakailangan.

[Lagda]

HALIMBAWANG HILING B:
PAG LIBAN UPANG DUMALO SA HUKUMAN – HILING NG MANGGAGAWA

Kailan gagamitin itong sulat: Ang sumusunod na sulat ay maaring gamitin upang humiling ng protektadong-trabaho na pagliban sa iyong tagapag-empleyo para pumunta sa hukuman upang humingi ng kautusang pagpigil, o iba pang proteksyon para sa iyong mga anak laban sa mang-aabuso o maniniktik.

Kung sumagot ang tagapag-empleyo mo sa sulat na ito sa pamamagitan ng paghiling ng patunay ng iyong kalagayan bilang isang biktima ng karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual at/o paniniktik, kailangan mong hilingin sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (kasama na ang iyong tagapangalaga ng pagiisip), tagapagpayo, o tagapagtaguyod ng biktima na punuin ang Halimbawang Sertipikasyon B sa sumusunod na pahina ng kasangkapang ito. ("Sertipikasyon mula sa Tagapagtaguyod ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Pagliban para Dumalo sa Hukuman para sa Nakaligtas sa Karahasan sa Tahanan, Pang-aabusong Seksual o Paniniktik").

[Araw]

Ginoo/Ginang **[Pangalan ng Kinatawan ng Human Resources, Tagapangasiwa o Tagapamahala]:**

Bilang isang biktima ng **[karahasan sa tahanan / pang-aabusong seksual AT/O paniniktik]**, ako ay lumiban/liliban sa trabaho noong/sa **[araw/mga araw]** upang kumuha o sumubok kumuha sa hukuman ng lunas at proteksyon. Kung hindi ikaw ang nararapat na tao na tumangap ng hiling na ito, nakikiusap ako naipag bigay alam agad sa akin, at ibigay ang sulat na ito sa taong humahawak ng mga hiling para sa pagliban.

Ang California Labor Code Section 230(c) ay nag uutos sa tagapag-empleyo na payagan ang manggagawa sa protektadong-trabaho sa pagliban "para kumuha o sumubok kumuha ng anumang lunas, kasama na ang, pero hindi limitado sa, kautusang pansamantalang pagpigil, kautusang pagpigil, o iba pang ipinag uutos na lunas upang masigurado ang kalusugan, kaligtasan, o kagalingan ng biktima o kanyang anak."

Mangyaring ipaalam sa akin kung kailangan ninyo ng sertipikasyon ng aking katayuan bilang nakaligtas sa karahasan,

Salamat,

[Lagda]

HALIMBAWANG SERTIPIKASYON B:
Sertipikasyon mula sa Tagapangalaga ng Kalusugan o Tagapagtaguyod ng Biktima na Humihiling ng Pagliban upang Dumalo sa Hukuman para sa Nakaligtas sa Karahasan sa Tahanan, Pang-aabusong Seksual, o Paniniktik

Kailan Gagamitin itong Sulat: Kung humiling ka ng pagliban upang dumalo sa hukuman, ang iyong tagapag-empleyo ay maaring humiling ng patunay na ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual o paniniktik. Bilang tugon maari mong ibahagi ang halimbawang sulat na ito sa iyong tagapangalaga ng kalusugan (kasama na ang iyong tagapangalaga ng pagiisip), tagapagpayo o tagapagtaguyod ng biktima, at sabihin mo sa kanila na magbigay sa iyo ng kahalintulad na sulat na nag papatotoo na ikaw ay sumasailalim sa paggagamot o pagpapayo kaugnay sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong seksual o paniniktik.

[Letterhead ng Tagpangalaga ng Kalusugan o Samahan na Nagtataguyod ng Biktima]

[Araw]

Sa Kinauukulan:

